Kneeling At The Name Of Jesus (Part 2)

(Philippians 2:6-11)

A. Pagbabalik Tanaw.
   1. Tatlong dapat gawin sa pangalan ni Jesus:
      a. Lahat ng tao ay dapat sumampalataya sa pangalan ng Panginoong Jesus (John 3:18; 20:31; 1:12; 1 John 5:13)
      b. Lahat ng tuhod, ay luluhod sa pangalan ng Panginoong Jesus. (Philippians 2:9-11)
      c. Walang tatawagan ang mga tao kundi ang pangalan ng Panginoong Jesus (John 14:13; 16:23-26; Acts 4:12; 9:10-22; Romans 10:13; 1 Corinthians 1:2)
   2. Bakit napakahalaga ang pangalang Jesus?
      a. Ang pangalang Jesus ay higit na mataas kaysa lahat ng mga pangalan.( Luke 14:11; Matthew 23:12; Psalm 138:6; Proverbs 3:34; 29:23 )
      b. Tanging ang pangalang Jesus ang pangalang ibinigay sa silong ng langit na sukat ikaligtas ng tao. (Acts 4:12)
      c. Sinomang tumawag sa pangalang Jesus ay maliligtas (Joel 2:32; Acts 2:21; Matthew 10:13).
   3. Bakit karapatdapat na taglayin ng Panginoong Jesus ang Kaniyang pangalan na higit na mataas kaysa lahat ng mga pangalan?
      a. Ang Panginoong Jesucristo ay mataas sa lahat (John 3:30-31; Ephesians 4:10).
      b. Wala nang tataas pa sa antas ng buhay na walang hanggan ng Panginoong Jesucristo (1 John 5:9-13; 5:20).
      c. Kaniyang gawain na hindi lamang pang sanlibutan (cosmic function, gawaing patungkol sa sanlibutan, samakatuwid, gawaing may hanggan) kundi mayroon Siyang gawaing pang walang hanggan (Ephesians 3:11; 1 Corinthians 1:24; Hebrews 6:20; 7:25).
      d. Nadaig, nahigitan, nalampasan Niya ang sukdulang maaabot ng kakayahan ng sanlibutan na kamatayan (1 Corinthians 15:54-57; Ephesians 4:10)
B. At sapagkat karapatdapat na taglayin Niya ang pangalan na higit na mataas sa lahat ng mga pangalan, ito ay nangangahulugan na ang lahat ng mga tuhod na naroon sa langit o lupa o sa ilalim ng lupa ay karapatdapat at kinakailangang lumuhod sa Panginoong Jesucristo. Bakit?
   1. Kalooban ng Dios Ama at sa ikaluluwalhati ng Ama. Sa Matthew 7:21-23, especially verse 21 ay ganito ang sinasabi, “Not every one that saith unto me, Lord, Lord, shall enter into the kingdom of heaven; but he that doeth the will of my Father which is in heaven.”
      a. Anong kalooban ng Dios Ama? Kalooban ng Dios Ama sa Kaniyang ikaluluwalhati na ang buong nilikha sa langit, sa lupa at sa ilalim ng lupa, ay luluhod sa pangalang JESUS. (Philippians 2:6-11) Ang katuturan ng pagluhod ay nangangahulugang:
         1) pagsuko sa pangalan ng Panginoong Jesus
         2) pagsang-ayon sa pangalan ng Panginoong Jesus
         3) pagsamba sa pangalan ng Panginoong Jesus

         Samakatuwid, kalooban at kaluguran ng Dios Ama na ang lahat ay susuko, sasang ayon at sasamba sa pangalang Jesus. Kung ginagawa mo ito, pinapatunayan mo na si Jesus ang:

1) nagmamay-ari
2) nasusunod
3) nakikinabang

ng lubos sa iyo at tanging sa pangalan lamang ni Jesus ka luluhod. Kaya ang mga lumuluhod sa pangalan ng mga santo o rebulto o sa kanino man ay hindi lamang lumalapastangan sa pangalan ng Dios Anak kundi sumusuway sa kalooban ng Dios Ama. Samakatuwid, kalooban ng Dios Ama na sa Dios Anak ka susuko, sasang ayon at sasamba (tatlong "S").

b. Doon sa Revelation 5:11-13[1] ay hindi lamang ang mga anghel sa langit (Hebrews 1:4-7) ang sumasamba sa Kordero. Ang tinutukoy na Kordero ay ang Dios Anak na nagkatawang tao, samakatuwid ay ang Panginoong Jesucristo. Kaya kalooban ng Ama na lahat ng nasa sangkalangitan, kasama ang mga tinubos ng Panginoong Jesucristo, ay kay Jesus lumuhod at sumamba.
c. Subalit hindi lamang sa langit dahil kung ano ang kalooban ng Ama sa langit ay iyon din ang kalooban ng Ama sa lupa. Sa dalanging "Our Father" ang kalooban ng Ama sa langit ay iyon din ang kalooban ng Ama na mangyayari dito sa lupa. Ang kalooban ng Ama sa langit ay ang lahat ay luluhod at sasamba sa Kordero. Ang tinutukoy na Kordero ay ang Dios Anak na nagkatawang tao. Kung sino ang pinapaluhuran ng Dios Ama sa langit ay iyon din ang pinapaluhuran ng Dios Ama dito sa lupa.
d. Kahit doon sa ilalim ng lupa, na ang karaniwang tinutukoy ay hindi ang loob ng lupa kundi ang tinutukoy ay ang impiyerno, kung saan ang lahat din ay lumuluhod sa pangalan ng Panginoong Jesucristo. Darating ang araw na si satanas ay luluhod sa pangalang Jesus kasama lahat ng mga anghel na naghimagsik laban sa Panginoong Jesucristo at kasama ang mga tao at lahat ng nilalang na suwail sa Panginoong Jesus.
e. Bakit ganoon ang kalooban ng Dios Ama? Bakit lahat ay hindi pinapaluhod sa pangalan ng Dios Ama o sa pangalan ng Dios Espiritu Santo?
    1) Una, iyan ang kalooban ng Dios Ama na lahat ay ibinigay Niya sa Dios Anak (John 3:35) at lahat ng ibinigay ng Dios Ama sa Dios Anak ay sa Dios Anak Niya pinapapunta at lahat ng lumalapit sa Panginoong Jesucristo sa anomang paraan ay hindi Niya itataboy (John 6:37)
    2) Pangalawa, hindi maaaring salungatin ng Dios Ama ang Kaniyang sariling kalooban sapagkat wala Siyang pagbabago ni anino ng pag-iiba ayon sa James 1:17. Kaya hindi babaguhin ng Dios Ama ang Kaniyang kalooban na ang lahat sa langit, sa lupa at sa ilalim ng lupa ay sa pangalang Jesus luluhod.

2. Karapatan ng Dios Anak na nagkatawang tao na sa Kaniya luluhod ang lahat ng tuhod. Nabanggit natin na ang katuturan ng pagluhod ay:

---

[1] Rev 5:11-13 And I beheld, and I heard the voice of many angels round about the throne and the beasts and the elders: and the number of them was ten thousand times ten thousand, and thousands of thousands; Saying with a loud voice, "Worthy is the Lamb that was slain to receive power, and riches, and wisdom, and strength, and honour, and glory, and blessing." And every creature which is in heaven, and on the earth, and under the earth, and such as are in the sea, and all that are in them, heard I saying, "Blessing, and honour, and glory, and power, be unto him that sitteth upon the throne, and unto the Lamb for ever and ever."

a. Pagsuko. Si Jesus dapat ang pagsukuan ng ating lahat. Dahil doon sa Acts 10:36, iyong ipinapangaral ni apostol Pedro na Jesucristo, ang Siyang sinasabi na Panginoon ng lahat (He is Lord of all). Sa Hebrews 1:8, nangungusap doon ang Dios Ama at ito ang sinasabi Niya patungkol sa pagkakilala Niya sa Anak, “But unto the Son he saith, Thy throne, O God, is for ever and ever: a sceptre of righteousness is the sceptre of thy kingdom.” At doon sa verse 10, ang pagkakilala ng Dios Ama sa Dios Anak ay ganito, “And, Thou, Lord, in the beginning hast laid the foundation of the earth; and the heavens are the works of thine hands.” Kahit ang Dios Ama, ang pagkakilala Niya sa Anak ay hindi lamang Dios na naghahari sa walang hanggang kaharian ng Dios kundi ang Anak ay Panginoon ng sangkalupaan at sangkalangitan. Palibhasa si Jesus ang Panginoon ng lahat ng bagay sa langit at sa lupa, ang dapat na pagsukuan (surrender to) o pagpailaliman (submit under or to be a subject) ay walang iba kundi ang Panginoon ng lahat, samakatuwid, ay ang Panginoong Jesucristo.
b. Pagsang-ayon (Being conformed to the image of Jesus Christ). Ayon sa Genesis 1:26-27, ang tao ay nilalang ayon sa larawan ng Dios na lumalang. Ang kahulugan nito ay ang tao, si Adan at Eva, ay nalalang ayon sa larawan ng Dios; nangangahulugan na nasasalamin sa tao ang katangian ng Dios. Bagamat ang Dios ay espirito at walang sinoman o anoman na nakakita sa Dios kailanman (John 1:18), subalit sa Bible iyong Dios na di nakikita ay may tunay na kalarawan ng pagka-Dios kaya Siya ang kapahayagan kung ano ang pakay at kung ano ang kalooban ng Dios (the spirit of prophecy) at doon nasusukat at nasasalamin ang matuwid at sakdal (absolutely righteous and perfect) na katangian ng Dios. Kaya lang, noong nagpasiya sina Adan at Eva na sumuway sa Panginoon, ang kanilang larawan, na doon dapat nasasalamin ang katangian ng Dios na matuwid at sakdal ay nawala sa kanila. Gayon pa man at dahil doon, ang Dios Anak ang Siyang nagkusang magkatawang tao upang sa Kaniyang pagkatao na matuwid at sakdal ay itayo muli ang tao na may larawan kung saan muling masasalamin ang matuwid at sakdal na katangian ng Dios sa pamamagitan ng pagtubos ng Dios Anak sa sangkatauhan mula sa pagkakasala sa pamamagitan ng pag-aalay ng Dios Anak ng kaniyang katawang tao hanggang kamatayan. Sa pagtubos ng Dios Anak sa sangkatauhan ay mapapalitan ang nasirang lumang pagkatao ng matuwid at sakdal na bagong pagkatao ng sinoman na sumampalataya at magtalaga ng kaniyang lahat sa Panginoong Jesucristo.
    1) Kaya ang sukdulang kahihinatnan ng bawat isa na tinawag ayon sa pakay ng Dios (Romans 8:28 – those who are called according to God’s purpose) ay itinalaga ng Dios na maging kalarawan ng Kaniyang Anak (Romans 8:29 - “For whom he did foreknow, he also did predestinate to be conformed to the image of his Son…” ). Ang paraan ng paghulma sa atin hanggang maging kalarawan natin ang Panginoong Jesucristo ay ang pagbabago sa atin ng Banal na Espirito mula sa isang kaluwalhatian hanggang sa susunod na kaluwalhatian. (2 Corinthians 3:18 “But we all, with open face beholding as in a glass the glory of the Lord, are changed into the same image from glory to glory, even as by the Spirit of the Lord.”)

2) Ano ang larawan ng character ng Panginoong Jesucristo? The image of Jesus Christ is inherent in the character of Jesus. Ang pagka-sino ng Panginoong Jesucristo ay likas sa Kaniyang character. Mayroong tatlong pangunahing mga palatuntunan o prinsipio (3 main priciples), inherent in the very character of the person of the Lord Jesus Christ. The character of Christ is (1) full of grace and (2) of truth and (3) of righteousness. These are further detailed in the fruit of the Spirit with these components: love, joy, peace, longsuffering, gentleness, goodness, faith, meekness, temperance (Galatians 5:22-23). Upang masukat mo kung ikaw na ba ay binabago at kung ikaw naman ay nagpapabago sa Banal na Espirito, ay tignan mo ang mga katangian na ito kung ang mga ito na nga ang umiiral sa iyong pamumuhay. Walang problema sa Banal na Espirito na bumabago sa atin. Baka ang problema ay nagmamatigas pa tayo. Kaya ang iniaral ng Banal na Espirito, “Ngayon kung marinig ninyo ang kaniyang tinig (salita ni Jesus), huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso.” (Hebrews 3:7-8)

c. Pagsamba sa pangalan ng Panginoong Jesus. Ang mga alagad ng Panginoong Jesucristo ay namulat sa kultura at pananapalataya na wala kang ibang sasambahin at paglilingkuran kundi ang Dios (Matthew 4:10) sapagkat walang sinomang makapaglilingkod sa dalawang panginoon. Sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa (Matthew 6:24). Iyan ang pinakapunong utos sa Exodus 20 at sa ibang bahagi ng Lumang Tipan. Marami din ang mga halimbawa sa Banal na Kasulatan na kapag ang nilalang ay sumsamba sa kaninomang iba liban sa Dios, siya ay itinutuwid na walang ibang dapat sambahin kundi ang Dios lamang (Revelation 22:8-9, Acts 10:25-26 and 14:11-15). Kaya ang pagsamba sa kaninoman liban sa tunay na Dios ay napakalaking kasalanan at pagsalangsang sa kaunaunahan at pinakadakilang kautusan ng Panginoong Dios (Matthew 22:37-40) at iyon ay ang pagsamba sa diosdiosan na kinamumuhian ng Panginoong Dios.

   Ang kaayusan ng pagsamba sa Panginoong Dios ay sa espirito at sa katotohanan. (Matt 15:7-9)

   1) Nakakatawag pansin na noong magkatawang-tao ang Dios Anak, samakatuwid bagay, ang Panginoong Jesucristo, ay pinasamba na sa Kaniya ng Dios Ama ang mga anghel ng Dios (Hebrews 1:4-6). Itinakda ng Dios Ama na hindi lamang doon sa langit sasambahin ang Dios Anak kundi kahit doon sa pagkakatawang tao at pagpasok sa sanlibutan ay kinakailangang sambahin Siya ng mga anghel ng Dios. (Hebrews 1:4-6, v.6  And again, when he bringeth in the first begotten into the world, he saith, “And let all the angels of God worship him.”
   2) Noong bagong silang ang Kaniyang katawang tao sa sanlibutan, ang mga pinasamba sa Kaniya ay hindi lamang ang mga tagapag-alaga ng tupa ( Luke chp 2) kundi ang mga pantas na galing sa silangan ( Matthew 2:11)
   3) Ang mga pinagpala ng Panginoong Jesucristo doon sa ebanghelyo na lumuhod sa Panginoong Jesucristo. Ilan sa kanila ay :
      a) Ang isang ketongin na sumamba muna sa Panginoong Jesucristo bago humiling sa Panginoong Jesus na siya ay pagalingin at siya ay gumaling nga. (Matthew 8:1-3)

b) Ang isang pinuno ng sinagoga, na sinamba ang Panginoong Jesus na nagsasabi na ipatong Niya ang Kaniyang kamay sa kaniyang anak upang mabuhay ito (Matthew 9:18-19).
c) Ang Kaniyang mga alagad noong nanganganib sila sa lakas ng hangin sa lawa at nakita nila na naglalakad sa tubig ang Panginoon. Iniligtas Niya si Pedro sa paglubog nang siya ay sumubok na lumakad sa tubig subalit natakot sa alon . At pagsakay nila sa daong, humimpil ang hangin at Siya ay sinamba ng mga alagad na nagsasabi, “Tunay na ikaw ang Anak ng Dios.” (Matthew 14:32-33).
d) Marami pa ang sumamba sa Kaniya: isang babaeng Cananea ( Matthew 15:25-26); ang ina ng mga anak ni Zebedee, si Santiago at Juan ( Matthew 20:20-21); ang bulag na lalake (John 9:35-38);
e) At sa pagkabuhay na maguli ng Panginoon, si Maria Magdalena at ang isa pang Maria ay maagang dumalaw sa pinaglibingan ng katawan ng Panginoong Jesucristo. Sinabihan sila ng anghel na si Jesus ay nabuhay na at noong paalis sila upang ibalita sa kanilang mga kasama, sila ay sinalubong ng Panginoon at sila ay sumamba sa Kaniya.

3. Ito ay ipinapatotoo ng Dios Espiritu Santo sa Kaniyang pagluwalhati sa Panginoong Jesucristo (John 16:13-15;Hebrews 3:7-8; 4:7)

C. Nararapat, makatarungan at kinakailangang lumuhod ang lahat ng nilalang sa nakakataas sa lahat bilang pagpapasakop o pagsuko, pagsang-ayon at pagsamba (cf. past lesson, “What is in the Name of Jesus”) sa pangalan ng Panginoong Jesucristo at hindi sa rebulto, estatuwa o imahen, relihiyon, tao o anomang nilalang. Ang tangi nating luluhuran ay ang pangalan ng Panginoong Jesucristo bilang paggalang, pagpapakumbaba at pagpapasailalim sa Kaniya.

1. Bagaman mahalaga ang pagluhod sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, ngunit ang pagluhod ay hindi lamang tuhod ang luluhod kundi mahalaga na ang ating pagkatao at pamumuhay ay nakaluhod sa Panginoon, samakatuwid, hindi lamang ang tuhod kundi ang ating puso ay nagpapakumbaba. Ipinapahayag ng Banal na Kasulatan (Psalm 51:17) na “Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob: isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Dios, ay hindi mo wawaling kabuluhan." Sinabi ng Panginoong Jesucristo, “At sinomang nagmamataas ay mabababa; at sinomang nagpapakababa ay matataas.” (Mat 23:12).
2. Kung tayo ay nagpasakop sa Panginoong Jesucristo, tunay na Siya ang maninindigan na ating kaligtasan, Siya ang magbibigay sa atin ng Kaniyang buhay na walang hanggan at Siya ang magsasalo sa atin ng Kaniyang kaluwalhatian at walang hanggang dangal. Samakatuwid, ang Dios Anak na ang magiging lahat sa ating buhay kung tayo ay luluhod sa Kaniyang pangalang Jesus.